# Balitang Manmin

BILANG 192  DISYEMBRE 3, 2017

# Ibinalita ng Iba't ibang Pahayagan ang Tungkol sa Pagpapakalma ng Napakalakas na Bagyo Kabilang sa mga Nagbalita ang *Washington Post!*




Nakatagpo ng Punong Pastor Dr. Jaerock Lee ang buhay na Diyos pagkatapos pagdusahan ang pitong taong pagkakasakit. Nang mangyari ito, gumaling siya mula sa lahat ng mga karamdaman niya, itinalaga siya ng Diyos bilang isang pastor. Noong taong 1982, itinatag niya ang Manmin Church, at dahil sa pag-aayuno at pananalangin niya, nakapagpakita na ang iglesya ng napakaraming tanda, himala, at mga makapangyarihang pagkilos. Ang iglesya ay napakalaki na. Nakapagdaos na ng maraming krusada si Dr. Lee na dinaluhan ng daan-daan, libu-libo, at milyung-milyong tao sa maraming bansa tulad ng Estados Unidos, Russia, India, Pakistan, at Kenya.

Dahil sa panalangin niya, gumaling ang mga sakit na hindi nagagamot at nakamamatay tulad ng AIDS, at malabong paningin. Nakapaglakad at nakatalon ang mga lumpo, nakarinig ang mga bingi, at nagkaanak ang mga baog. Dahil sa panalangin, umulan sa mga lugar na nakakaranas ng matinding tag-tuyot at huminto ang pag-ulan sa ibang lugar. Nabalitaan na ng mga tao sa buong mundo ang pagkilos ng Banal na Espiritu dahil sa panalangin. Nagpapadala sila ng mga hiling na panalangin kapag nahaharap sila sa mga kalamidad.

Nanginig sa takot ang mga tao sa Estados Unidos noong Setyembre 2017 dahil sa napakalakas na bagyong Irma na humahagupit sa dakong timog-silangan ng bansa. Nagpadala ng hiling na panalangin ang mga pastor sa Estados Unidos kay Dr. Jaerock Lee para maiwasan ang malaking kapahamakan. Pagkatapos ng panalangin niya, nag-iba ng direksyon ang napakalakas na bagyong Irma, humina din ito, at tuluyang nawala. Naka-iwas sa kapahamakan ang Estados Unidos. Bago pa maipakita ang kapangyarihang ito, maraming beses na ring naranasan ng mga Amerikanong pastor at mananampalataya ang iba pang kapangyarihan. Noong Oktubre 2016, humina ang bagyong Matthew isang araw pagkatapos manalangin ni Dr. Lee. Hindi sila naapektuhan ng malalakas na bagyong Joaquin noong taong 2015, Irene noong taong 2011, at Gustav noong taong 2008 dahil sa panalangin niya.

Ang kapangyarihan ng Diyos na naipakita sa ibabaw ng napakalakas na bagyong Irma ay ibinalita ng *Washington Post* noong Oktubre 6. Ang titulo ng balita ay "Humina at tuluyang nawala ang napakalakas na bagyong Irma dahil sa panalngin ng Koreanong pastor na si Dr. Jaerock Lee."

Ang *Washington Post* ay kinikilalang isa sa mga nangungunang diyaryo sa Amerika, kalinya ng *New York Times,* at *Wall Street Journal.*

Ibinalita dito na ang napakalakas na bagyong Irma ay mas malakas kaysa sa mga ibang bagyong dumaan sa Atlantic Ocean. Inaasahan na malaki ang epekto nito sa mga madadaanan pero humina ito at tuluyang nawala nang manalangin si Dr. Jaerock Lee, na tinatawag nilang 'pastor na makapangyarihan', tulad ng hiniling ng mga pastor sa Estados Unidos sa kanya.

Kasama sa ibinalita ang patotoo ni Dr. Mikhail Morgulis, Tagapagtatag ng Spiritual Diplomacy, at naninirahan sa Florida. Ibinalita rin ang pagtaboy ni Dr. Lee sa isang kalamidad sa DR Congo, binanggit ito ni Sebastian Impeto, Lider ng Christian Party sa DR Congo sa panayam sa kanya. Sinabi niya, "Noong taong 2014, laganap sa bansa ko ang Ebola virus. Hiniling ko ang panalangin ni Dr. Jaerock Lee, at dahil nagtiwala ako sa panalangin niya, napigilan ang pagdami ng mga biktima at mga nagkamatay."

Ang mga balita ay iniulat ng Assist News Service sa America (www.assistnews.net); Christian Telegraph (www.christiantelegraph.com); isang pangunahing media sa Canada; KNS News (www.kns.tv); *Christian Press;* at iba pa.



Punong Pastor Dr. Jaerock Lee

# Maging Handa at Manalangin

"Kayo'y maging handa at manalangin,
upang hindi kayo madaig ng tukso.
Ang espiritu ay tunay na nagnanais,
subalit ang laman ay mahina."
(Mateo 26:41)

Anong dapat nating gawin para magkaroon ng tunay na kapayapaan mula sa Panginoon at hindi mahulog sa matukso? Manalangin kayo. Sa pamamagitan ng mensaheng ito, umaasa ako na matatanto ninyo kung bakit dapat kayong manalangin para maranasan ninyo ang tunay na mapayapang kalooban.

### 1. Sinasabi ni Jesus sa inyo na maging handa at manalangin para hindi kayo matukso

Sinabi Niya ito habang nananalangin sa Getsemani bago Niya ipasan ang krus. Isinama Niya doon si Pedro at ang dalawang anak ni Zebedeo, maalab Siyang nanalangin. Pero nakatulog ang mga alagad Niyang isinama. Nang ito ay makita ni Jesus, sinabi Niya kay Pedro, "Maging handa at manalangin, upang hindi kayo madaig ng tukso."

Sinabi ito ni Jesus para sa mga alagad na may maliit na pananampalataya, dahil mahirap na pagsubok para sa kanila ang pagpapako sa Kanya sa krus kahit na espirituwal na kalooban ito ng Diyos para maligtas ang sangkatauhan. Hindi lang para sa mga alagad ang sinabi ni Jesus, ito ay para sa lahat ng mga nananampalataya sa Panginoon. Araw-araw dumadaan sa mga espirituwal na laban sa kaaway na diyablo at Satanas ang mga mananampalataya na sumusunod sa daan ng krus. Magtatagumpay sila sa espirituwal na labanan kung nakahanda at nananalangin sila.

Hindi ito nangangahulugan na dapat kayong matakot sa tukso kaya mananalangin kayo. May mga nagsasabing tinutukso sila ng Diyos para masubukan. Hindi nanunukso ang Diyos. Ang tao mismo ang pumapatol sa mga tukso dahil sa sarili nilang kasakiman (Santiago 1:13-15).

Pero may mga pagsubok na ibinibigay ang Diyos, tulad ng nangyari kay Abraham. Ibinibigay ang mga pagsubok na ito para sumagana ang mga kaluluwa ninyo at tumanggap kayo ng mga biyaya. Nagbibigay din Siya ng paraan para magtagumpay. Kaya, walang dahilan para matukso pa kayo.

### 2. Bakit madali kayong matutukso kung hindi kayo mananalangin?

Una sa lahat, kung hindi kayo mananalangin, hindi kayo magagabayan ng Banal na Espiritu.

Halimbawa, may mga taong nahihirapan sa kanilang negosyo. Kadalasan, nangyayari ito dahil sinusunod nila ang sariling interes o kagustuhan sa halip na tanggapin ang gabay ng Banal na Espiritu sa pamamagitan ng pananalangin. Kung gagawin ninyo ang lahat ng bagay ayon sa nais ng Banal na Espiritu at mananalangin, sasagana kayo.

Sinabi ni Jesus sa Juan 16:13, "Subalit kapag dumating na ang Espiritu ng katotohanan, papatnubayan niya kayo sa buong katotohanan. Sapagkat hindi Siya magsasalita nang mula sa Kanyang sarili, kundi ang anumang bagay na Kanyang marinig, iyon ang Kanyang sasabihin at Kanyang ipapahayag sa inyo ang mga bagay na darating." Kung tatanggapin ninyo ang gabay ng Banal na Espiritu, hindi magkakaroon ng pagkakataon ang kaaway na diyablo at Satanas na akusahan kayo. Kahit ang tukso ay nagmumula sa maling ginawa ninyo o iba pang dahilan, ipapaalam ng Banal na Espiritu sa inyo na darating ito para makapaghanda kayo. Tutulungan din Niya kayong mapagtagumpayan ang mga tukso.

May mga nagsasabi na nahihirapan sila kahit sinusunod nila ang salita ng Diyos. Baka iniisip nila na isinasabuhay nila ang salita ng katotohanan, pero kung nagmamalinis sila at sinusunod ang sariling pananaw o ideya, hindi nila malalaman ng 100% ang kaibahan ng katotohanan sa kasinungalingan. Mapagmalinis si apostol Pablo. Pero nang tanggapin niya ang Panginoon, natanto niya na labag ito sa kalooban ng Diyos. Sinabi niya sa 2 Mga Taga-Corinto 10:5, "Aming ginigiba ang mga pangangatuwiran at bawat palalong hadlang laban sa karunungan ng Diyos, at binibihag ang bawat pag-iisip upang sumunod kay Cristo."

Kaya para maintindihan ng tama ang kalooban ng Diyos sa bawat bagay, dapat nating tanggapin ang gabay ng Banal na Espiritu sa pamamagitan ng pagiging handa at pananalangin. Kasabay nito, huwag tayong magmalinis, iwaksi ang mga sariling pananaw at mga ideya, at manalangin ng maalab.

Ang pangalawang dahilan ay mahirap sundin ang nais ng Banal na Espiritu.

Kung hindi nasanay manalangin ang mga tao, maaaring panghinaan sila ng loob kapag nagkaroon sila ng mga pagsubok sa buhay o sa mga trabaho nila. Alam nila na dapat silang magalak at magpasalamat pero hindi nila magawa dahil wala silang espirituwal na lakas. Masusunod nila ang nais ng Banal na Espiritu at magagawa nilang manampalataya kung maalab silang mananalangin at mabibigyan sila ng espirituwal na lakas.

At kung hindi kayo nananatiling nakahanda at nananalangin, hindi ninyo maitataboy ang mga pagsubok. Masusupil ninyo ang puso ninyo sa pamamagitan ng tulong at lakas mula sa Diyos at Banal na Espiritu. Kung hindi sa tulong nila, pagbibigyan ninyo ang pagnanasa ng laman, ng mga mata, at kapalaluan, babalikan ninyo ang mga makalamang bagay. Babalikan ninyo ang dati ninyong gawain.

Laging hinahamon ni Satanas ang kasamaan sa puso ninyo sa pamamagitan ng isipan ninyo. Hinihikayat niya kayo na kumilos ayon sa masama (1 Pedro 5:8-9). Bibigyan niya kayo ng mga dahilan para magduda para huwag kayong maniwala sa Diyos. Tutuksuhin niya kayong maging tamad para tamarin kayo sa pananampalataya. Manatili kayong nakahanda at nananalangin para hindi kayo matukso ng kaaway na Satanas at maitaboy ito.

### 3. Paano mananatiling handa at mananalangin?

Sinasabi ng iba na alam nilang dapat manalangin pero nahihirapan sila dahil pagod na sila sa pagtatrabaho buong araw. Para ipagtanggol ang katamaran nila sinasabi nila na sinabi ni Jesus na, "Ang espiritu ay tunay na nagnanais, subalit ang laman ay mahina," at ang tao ay totoong mahina. Hindi lang sa pisikal na kahinaan ng tao ang tinutukoy dito.

Ang 'laman' na tinutukoy dito ay katawan at ang makasalanang likas. Kapag pinagsama ang dalawang ito, susundin ninyo ang 'pagnanasa ng laman.' Hindi pa tinatanggap ng mga alagad ni Jesus ang Banal na Espiritu noong panahong iyon. Gusto nilang manalangin, pero mas malakas ang pagnanasa ng laman na magpahinga at matulog. Ito ang tinutukoy na 'mahina ang laman.'

Pero nang tanggapin nila ang Banal na Espiritu, maalab na nanalangin ang mga alagad. Naging matapang sila hanggang maging mga martir. Kung mahina ang ating laman, pero gusto nating manalangin, hilingin natin na maging malakas tayo. Kung idadalangin natin ang taos-pusong pagmamahal natin sa Diyos, sa iglesya, sa pastol, at mga kapatid sa pananampalataya, mawawala ang pagod natin. Tutulungan tayo ng Banal na Espiritu kung magsisikap tayo. Hindi tayo aantukin o mapapagod kapag puspos tayo ng inspirasyon mula sa Banal na Espiritu. Inspirado tayo at puno ng galak.

Hindi matutukso ang mga taong nananatiling handa at nananalangin. Magtatagumpay sila kung sakaling dumating man ang mga tukso. Nasa atin na ang Banal na Espiritu ngayon kaya huwag nating sabihing mahina ang laman kaya huminto sa pananalangin at natukso. Manatili tayong handa at nananalangin para tulungan tayo ng Banal na Espiritu, iwaksi natin ang mga kasamaang nakaugalian, iwaksi natin ang kasamaan sa puso natin.

Mahal kong mga kapatid kay Cristo, mamamatay ang espiritu natin kung hindi tayo mananalangin, parang isda na tinanggal sa tubig. Sa kabilang banda, kung mananalangin tayo at nanatiling puspos ng Banal na Espiritu, magiging mabuti ang kalagayan ng kaluluwa natin, lahat ng bagay ay magiging maayos, magiging malusog tayo.

Idinadalangin ko sa pangalan ng Panginoon na sa pamamagitan ng pananalangin, magtatagumpay kayo sa mundo na may pananampalataya, magiging tunay na mga anak ng Diyos na karapat-dapat makapasok sa Bagong Jerusalem, at makakamit ang walang hanggang kaligayahan.

## Pahayag ng Pananampalataya

1. Naniniwala ang Manmin Central Church na ang Biblia ay Salita ng Diyos at ito ay perpekto at walang mali.
2. Naniniwala ang Manmin Central Church sa pagkakaisa at pagkilos ng Diyos sa Tatlong Persona: Diyos na Banal na Ama, Diyos na Banal na Anak, at Diyos na Banal na Espiritu.
3. Naniniwala ang Manmin Central Church na tayo ay mapapatawad sa ating mga kasalanan sa pamamagitan lamang ng pagtubos ng dugo ni Jesu-Cristo.
4. Naniniwala ang Manmin Central Church sa muling pagkabuhay at pag-akyat ni Jesu-Cristo sa Langit, sa Kanyang Pangalawang Pagbabalik, sa Milenyo, at sa walang hanggang Langit.
5. Ang mga miyembro ng Manmin Central Church ay nagpapahayag ng kanilang pananampalataya sa pamamagitan ng "The Apostles' Creed" o Credo ng Apostol sa bawat pagtitipon at pinaniniwalaan nila ang bawat isang salitang nakapaloob dito.

"Siya [Diyos] ang nagbibigay sa lahat ng tao ng buhay at ng hininga, at ng lahat ng bagay na ito." (Ang Mga Gawa 17: 25)

"Walang kaligtasan sa kanino pa man, sapagkat walang ibang pangalan sa ilalim ng langit na ibinigay sa mga tao na ating ikaliligtas." (Ang Mga Gawa 4: 12)

Tagalog
Balitang Manmin
Inilathala ng Manmin Central Church
Address: 29, Digital-ro 26-gil, Guro-gu, Seoul, Korea, 08389
Telepono: 82-2-818-7047 Fax: 82-2-818-7048
Website: http://www.manmin.org/english
www.manminnews.com
Email: manminen@manmin.kr
Tagapaglathala: Dr. Jaerock Lee    Punong Patnugot: Geumsun Vin



# "Pagkalipas ng 21 Taon, nagkita ulit kami ni Dr. Jaerock Lee! Mabait at malumanay siya, mas makapangyarihan pa siya ngayon!"

**Noong Oktubre 8, ipinagdiwang ng Manmin Central Church ang ika-35 anibersaryo sa pamamagitan ng pagsamba at pagtatanghal. Dinaluhan ito ng mga pastor at mga mananampalataya mula sa iba't ibang lugar sa Korea at 23 mga bansa. Isa dito ang pastor mula sa Argentina, South America. Siya si Rev. Dr. Martin Francisco Alvarez na isa sa nagorganisa ng seminar para sa mga pastor at pagpupulong para palakasin ang espiritu na idinaos sa Argentina 20 taon na ang nakaraan. Pumunta siya sa Korea na may dalang plake ng pagpapahalaga para sa Manmin. Narito ang patotoo niya.**

Rev. Dr. Martin Francisco Alvarez

- Pinuno ng Southern Cone of Latin University of Theology
- Presidente ng samahan ng mga pastor ng Florencio Varela
- Kinatawang Pandangal ng Republic of Burundi, Argentina
- Miyembro ng Komite na nagsaayos ng pagpupulong para sa pagpapasigla ng espiritu na idinaos ni Dr. Jaerock Lee noong 1996 at 1997



Seminar ng mga Pastor sa Argentina, 1996



Kasama si Dr. Jaerock Lee at Florencia Varela



Seminar ng mga Pastor sa Argentina at Pagpupulong para Pasiglahin ang Espiritu, 1997

### ◈ Anong naramdaman mo sa unang pagbisita mo sa Manmin Central Church?

Masaya ako at nagpapasalamat dahil nakita at nakasama ko si Dr. Jaerock Lee sa ika-35 anibersaryo ng Manmin Central Church. Inasam kong makabisita sa iglesyang may umaapaw na pagmamahal sa loob ng 20 taon, at natupad na ang pagkakataong hinintay ko. Malaking pagpapala at kaluwalhatian ang ibinigay nito sa akin.

### ◈ Nagkita ulit kayo ni Dr. Lee pagkatapos ng 21 taon. Malamang naging emosyonal ka?

Totoo 'yan. Noong taong 1996, nagkita kami ni Dr. Lee sa unang pagkakataon sa Argentina. Noon pa lang, naramdaman ko na espesyal siyang lingkod ng Diyos. Dalawampu't isang taon na ang nakaraan mula noon. Mas naging malaki pa ang kapangyarihan niya. Mas malawak na din ang ministeryo niya.

Nagkita ulit kami sa pagbisita ko ngayon sa Korea. Pakiramdam ko, nagkita kami ng tatay ko. Naantig ang puso ko sa pagtingin at pagmamahal niya sa akin, parang kasama ko ang tatay at pamilya ko. Hindi lang respeto ang ibibigay ko sa kanya, mamahalin ko rin siya na parang miyembro ng pamilya ko. Taos-puso ang emosyong nadama ko.

### ◈ Nabalitaan namin na nagbukas ka ng sangay na iglesya ng Manmin sa Argentina.

Noong pinaghahandaan ko ang pagpupulong na gagawin sa Argentina noong taong 1997, isinalin at inedit ko ang mga libro ni Dr. Lee, binasa at isinaayos ko rin ang *Balitang Manmin* sa wikang Kastila. Dahil sa pagkakataong ito, nakasama na ako sa ministeryo ng Manmin. Iba ang pakiramdam nito kaysa sa pinapanood lang ang Manmin. Iba ang pakiramdam ko, namangha at pinagpala ako.

Base sa karanasan ko sa Manmin, nagdaos ako ng unang pagpupulong bilang sangay ng Manmin sa Argentina dalawang buwan na ang nakaraan. Pinaplano kong ipangaral ang tungkol sa ministeryo ng Manmin at ang salita ng buhay ni Dr. Lee.

### ◈ Sa opinyon ng isang pinuno ng seminaryong teolohiko, pwede ka bang magkomento tungkol sa mga sermon ni Dr. Lee?

Nauuhaw sa salita ng Diyos ang henerasyong ito. Sa panahong malapit ng magwakas, maraming lumalabas na mga nagpapanggap na pastor at propeta. Wala pa akong ibang narinig na salita ng buhay tulad ng mga mensahe ni Dr. Jaerock Lee. Ang mga libro at mensahe niya ay puno ng Salita ng Buhay, ito ang Katotohanan. Napakamahalaga ng ebanghelyo ng kabanalan na ipinapangaral niya, hindi maikukumpara dito ang ibang teorya na may kinalaman sa teolohiya tulad ng 'progressive Christianity' at 'liberal theology.' Ipinapaliwanag din niya sa madaling maintindihang paraan ang relasyon natin sa Diyos. Malinaw ang paliwanag niya tungkol sa kalooban ng Diyos, kung paano mabubuhay ayon dito, at ang layunin ng buhay bilang isang Cristiano.

Ako ang pinuno ng Southern Cone of Latin University of Theology. Nais din ng presidente ng LUT na si Dr. Manuel Tigerino na makipagtulungan sa Manmin International Seminary.

### ◈ Ano ang masasabi mo tungkol sa kapangyarihan ng Diyos na lumalampas sa lugar at panahon na umaapaw sa Manmin?

Hindi lahat ay nakakapanalangin tulad ni Dr. Lee. Lahat ay nangyayari ayon sa ipinapahayag ng Diyos. Katulad ito ng pananalangin ni Elias na nagbukas ng pintuan ng langit, at nabiyayaan ang isang babaing magbuntis tulad ng naipropesiya ni Elias. Sinasagot ng Diyos ang panalangin ng lingkod niyang si Dr. Lee.

### ◈ Kumusta naman ang pagbisita mo sa lugar ng Muan Sweet Water?


Tinikman ko ang tubig sa isang balon na malapit sa balon ng Muan Sweet Water, hindi ito idinalangin ni Dr. Lee. Maalat at mapait pa ito. Pero ang tubig na idinalangin ni Dr. Lee ay masarap at matamis. Nang inumin ko ito, guminhawa ang pakiramdam ko, parang umuwi ako mula sa nakapapagod na trabaho at naligo ng maligamgam na tubig.

Naranasan ko rin ang espiritwal na mundo. Bumukas ang espiritwal na mata ko, at may nakita akong mga anghel na kasinlaki ng mga puno, 'half moon' ang posisyon ng pagkakatayo nila sa lugar kung saan lumalabas ang Muan Sweet Water. Nakakita ako ng rainbow sa paligid ng araw, umiikot ang araw, at may hugis puso sa gitna nito. Nakita ko rin na nabasag ang araw sa ilang piraso, naalala ko ang 'embryo', natanto ko na magkakaanak ang mga mag-asawang walang anak kung iinom sila ng Muan Sweet Water. Nasa tubig na ito ang kapangyarihan ng muling paglikha.



# "Dinala Ako ng Banal na Espiritu sa Manmin Central Church!"

Pastor Francisco Lorite Exposito, Maranatha Revival Church, Spain



Nabalitaan ko, pitong taon na ang nakaraan, na may isang taong malapit ng mamatay pero muling gumaling dahil sa panalangin ng isang pastor. Ibig sabihin, nasa pastor na ito ang kapangyarihan ng Diyos. Inisip ko kung sino ang pastor na ito dahil gusto ko ring magkaroon ng kapangyarihan mula sa Diyos.

Gusto ko pang malaman ang mas maraming bagay tungkol sa kanya, kung paano siya nagkaroon ng kapangyarihan mula sa Diyos. Sinaliksik at binasa ko ang website ng Manmin Central Church, marami ang nalaman ko tungkol sa kanilang ministeryo. Pinakinggan ko ang mga mensahe ng Punong Pastor Dr. Jaerock Lee sa website, humanga ako sa kanya. Ang mga tanda at himala na ipinapakita sa pamamagitan niya ay mas kahanga-hanga.

Habang tumatagal, mas lumalaki ang inaasahan at respeto ko para sa Manmin. Gusto kong bisitahin ang iglesya para makita ng personal si Dr. Lee at malaman ang mga plano ng Manmin sa hinaharap.

Noong magsimula ang Oktubre 2017, ibinigay ng Panginoon ang pagkakataon. Nakapunta ako sa iglesya noong ipagdiwang nila sa loob ng isang linggo ang ika-35 anibersaryo, isinama ko ang isang elder ng iglesya namin. Namangha ako ng makita ko ng personal ang Manmin, at ng marinig ko ang mga plano ng iglesya.

Pinakakahanga-hanga ang pagsasakripisyo, pag-ibig, at katapatan ni Dr. Lee. Nang magkita kami, binati niya ako, malumanay siya, at mainit ang yakap niya sa akin. Napakamatagumpay niya bilang pastor, nasa kanya ang kapangyarihan ng Diyos, pero mapagpakumbaba siya at magalang. Malaki ang impluwensya niya sa akin.

Naantig ako sa mga pagtatanghal sa selebrasyon, makikita dito pagiging espirituwal ng mga gumanap. Malaki ang pagbabago sa ministeryo at personal kong buhay pagkatapos kong maranasan ang kababaang-loob at pagmamahal ng Manmin.

Wala pa akong nakitang ibang ministeryo tulad ng ministeryo ni Dr. Lee. May kasama itong kapangyarihan ng Panginoon, mga tanda, at himala. Ang Manmin ay espirituwal at makapangyarihan sa lahat ng aspeto. Sa Manmin, patuloy na ipinapakita ang mga tanda, himala, at kapangyarihan ng Diyos, kinakailangan ito ng kasalukuyang henerasyon. Naniniwala ako na ang Manmin ay ang kamangha-manghang plano ng Diyos para sa lahat ng tao sa lahat ng bansa sa panahong malapit ng magwakas.

Naniniwala din ako na may plano ang Panginoon para sa akin at sa Manmin. Susundin ko palagi ang paggabay ng Banal na Espiritu, at makipagtutulungan sa Manmin para malaman ng mga pastor at mga mananampalataya sa Espanya at mga bansa sa Europa ang tungkol sa Manmin at sa kapangyarihan.

# "Binago ng mga sermon ni Dr. Jaerock Lee ang buong buhay ko!"

Diakonesa Soonja Cho, Naples, Florida, Estados Unidos



Noong taong 2014, may napanood akong sermon sa YouTube. Ito ay may titulong 'Hell.' Maraming pagpapala ang napulot ko dito, batay ito sa Biblia. Hindi ko alam kung saan iglesya nagmula ito o kung sino ang pastor. Ang alam ko, pastor siya ng Manmin Central Church.

Sa website ng iglesya (www.manmin.org), nakita ko ang daang-daang sermon na ipinangaral ng Punong Pastor Dr. Jaerock Lee. Habang pinapakinggan ko ang mga sermon, sinabi ko sa sarili ko, "Katotohanan lang ang ipinapangaral niya!" Ipinagpatuloy ko ang pakikinig sa mga sermon niya. Nasagot niya ang mga tanong na nasa isipan ko na matagal nang hindi nasasagot. Napakasaya ko!

May impeksyon ako sa sinus, maraming beses akong umiinom ng antibiotics bawat taon para dito. Pero nang manalangin ang Punong Pastor para sa mga maysakit, gumaling ako. Natanto ko sa mga sermon niya na nababagabag ang espiritu ko. Nagmamalaki ako sa mga tauhan ko sa trabaho. Pinagsisihan ko ito, at pinuspos ng Banal na Espiritu ang puso ko. Habang bumubuti ang kalagayan ng kaluluwa ko, dumami din ang mga biyayang tinatanggap ko sa trabaho.

Dinaluhan ko ang mga pagsamba ng Manmin at ang pulong panalanging Daniel sa GCN. Binago ang buong buhay ko ng mga mensahe ng Punong Pastor. Ibinabalita ko ang tungkol sa kanya at sa Manmin kahit saan ako pumunta.

Ibinigay ko ang mga kopya ng sermon ni Dr. Lee sa ilang mga pulong ng mga Cristiano, gustung-gusto nila ang mga ito. Kapag nakikita kong nasisiyahan sila sa mga mensaheng espirituwal, masaya na rin ako. Gusto rin ng mga tao ang mga librong isinulat niya, lalo na ang *Ang Mensahe ng Krus*, *Ang Sukat ng Pananampalataya*, at *The Law of God*.

Nang magsimula ang Setyembre 2017, mas naging mapagpasalamat ako bilang miyembro ng Manmin. Ito ay dahil naprotektahan ako mula sa napakalakas na bagyong Irma. Nagbabala sa mga taong naninirahn sa Naples kung saan ako naninirahan dahil dadaanan daw iyon ng bagyong Irma. Sinabihan pa kaming lumikas na.

Maraming nagsabi sa amin na iwan namin ang bahay namin dahil may kanal sa likuran nito. Pero idinalangin kami ng Punong Pastor at naniwala ako na iingatan kami. Nanatili kaming mapayapa sa loob ng aming tahanan. Kadalasan, napupuno ng tubig ang kanal kapag umuulan, pero kakaunti ang tubig s kanal sa pagkakataong ito. Nakakamangha! Nabalitaan ko din na ang mga naninirahan sa malapit sa amin, 30 minutong layo lang mula sa bahay ko, ay pinalikas, isinakay sila sa banka dahil mataas na ang baha. Natiyak ko na pinoprotektahan kami ng kapangyarihan ng Pastol.

Kung hindi ko nakilala ang Punong Pastor, hindi ko malalaman ang mga espirituwal na mensahe na nasa mga talata sa Biblia kahit paulit-ulit kong basahin ang mga ito. Naligaw siguro ako at hindi nalaman ang katotohanan. Nagpapasalamat at niluluwalhati ko ang Diyos na pumili sa akin para maging tupa ng Manmin.

## Mga Sangay ng Ministeryo ng Manmin sa Pilipinas

**Manila Manmin Holiness Church**
168 West Riverside St., Brgy. San Antonio, San Francisco Del Monte, Quezon City, Metro Manila, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
0977-329-4789

**Bataan Manmin Holiness Church**
067 Daang Bago, Dinalupihan, Bataan, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
2-735-1423

**Isabela Manmin Holiness Church**
Purok 3, Brgy, San Roque, San Mateo, Isabela, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
0977-329-4789

**Cavite Manmin Holiness Church**
5 Lot 33 Bk 1, Canutuhan (tenant), Santiago Gen.Trias, Cavite, Pilipinas
Pastor Sharon Cho
046-850-3193 / 0916-674-3903 / 0905-319-8191

**Imus Manmin Holiness Church**
Blue Bell St. Plaridel III Sub. Bayan Luma 7, Imus Cavite, Pilipinas
Pastor Jubeom Kim
0927-311-7633

**Cebu Manmin Holiness Church**
LOT N. 402 - B-4 Looc Along Side The Canjulao Road, Lapu-Lapu City, Cebu, Pilipinas
Pastor Rossetta Sung
0921-635-7595

**Davao Manmin Holiness Church**
301 Ilang Ilang St. Flores Village, Bangkal, Davao City, Pilipinas
Pastor Kathryn Kim
0908-635-2714